

Pihit-Kultura sa Panahon ng Pandemiya

Cristina D. Macascas¹, Pauline Giselle L. Paraan²
Philippine Normal University, Manila
macascas.cd@pnu.edu.ph¹, paraan.pgl@pnu.edu.ph²

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 114-119
March 2021

Date Received: October 23, 2020; Date Revised: February 6, 2021

Abstract – *This study has looked into the changes brought by the pandemic to the daily lives of Filipinos. This is a qualitative study. It used descriptive design and the data were gathered through e-survey. One hundred seven (107) respondents from different places in the Philippines participated in the survey. Based on their responses, it can be gleaned that there are changes in their daily routines. They also learned a lot because of the pandemic. Their learnings are all practical and has something to do with spiritual, physical, social, and political aspect. Many people are making ways to cope up with the changes in the environment. They value their health, family, and faith in God more. Aside from this, they saw the extreme need for healthcare system and government management in response to the pandemic. In line with this, it is recommended that translation to first language, cultural education, education on health and proper care for one's body be strengthened during the new normal. Moreover, there should be programs that respond to social needs in the time of pandemic.*

Keywords: CoVid-19, culture, e-survey, pandemic, routines

Abstrak- *Sinipat sa pag-aaral na ito ang mga pagbabagong iniluwal ng pandemiya sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino. Ang pananaliksik ay kuwalitatibo. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo at kinalap ang datos sa pamamagitan ng e-sarbey. Isang daan at pito ang lumahok sa sarbey na nagmula sa iba't ibang lugar sa bansa. Batay sa kanilang mga tugon, may mga pagbabagong naganap sa kanilang mga gawain sa araw-araw. Marami ring natutuhan ang mga tao dahil sa pandemiya. Ang kanilang natutuhan ay pawang praktikal at karaniwang may kalamayan sa espirituwal, pisikal, sosyal, at politikal na aspeto. Marami ang gumawa ng paraan upang makaagapay sa mga pagbabago sa paligid. Mas pinahalalagahan na ng mga tao ang kanilang kalusugan, pamilya, at pananampalataya sa Diyos. Bukod pa rito, nakita nila ang matinding pangangailangan sa sistemang pangkalusugan sa bansa at pamamaraan ng pamahalaan sa pagtugon sa pandemiya. Kaugnay nito, iminumungkahing palakasin ang pagtuturo ng kultura sa bagong kadawyan at pagpapaigting ng pagtuturo tungkol sa kalusugan at wastong pangangalaga sa katawan. Iminumungkahi rin ang pagsasalin ng mga impormasyon kaugnay sa pangangalaga sa kalusugan sa unang wika. Palawakin din sa bagong kadawyan ang mga programa na makatutugon sa pangangailangang espirituwal, pisikal at sosyal.*

Mga susing salita: CoVid-19, e-sarbey, gawi, kultura, pandemiya

PANIMULA

Ang kultura ay kalipunan ng mga ideya, sangkap, ekspresiyong materyal at di-materyal, mga hangarin at pagpapahalaga na bumubuo at nagbibigay-buhay at kakanyahan sa isang pangkat o komunidad ng mga tao [1]. Kinakatawan din ng kultura ang mga gawi, paniniwala, pang-araw-araw na pamumuhay, gawaing panlipunan at katangian ng isang lahi. Nahahati ang kultura sa dalawa – ang materyal at di-materyal [2]. Saklaw ng materyal na kultura ang mga kagamitan, makina, gusali, dokumento, panrelihiyong imahen, sasakyan, pamilihan, at simbahan. Samantala, nabibilang sa di-materyal na kultura ang mga ideya, pag-uugali, at paniniwala ng lipunan [3]. Ang lipunan naman ay pangkat ng tao na may komon na teritoryo at kultura. Kinakatawan din ng lipunan ang panlipunang

estruktura at organisasyon ng mga tao na may pagkakatulad na paniniwala at gawi.

Kabuhol din ng kultura ang sikolohiya, ang isip at gawi ng mga mamamayan. Ubod ng sikolohiyang Pilipino ang kapuwa. Tumutukoy ito sa pamayanan na hindi nag-iisa ang tao sa paggawa. Sa lipunang Pilipino, may dalawang kategorya ang pakikipagkapuwa – ang ibang tao at hindi ibang tao [4]. Ang kapuwa na ibang tao ay binubuo ng limang antas – pakikitungo, pakikisalamuha, pakikilahok, pakikibagay at pakikisama. Kaya naman kapansin-pansin na napakarami nating pista at pagdiriwang sa bansa. Sa anomang pagdiriwang, hindi lamang isang pamilya ang nagsasaya, kasama nila ang buong sangkabahayan. Sabi nga imbitado ang lahat, at ang mga imbitado ay may kasama ring kanilang mga

imbitado. Ang hindi ibang tao naman ay sumasaklaw sa pakikipagpalagayang-loob, pakikisangkot at pakikipagkaisa. Kung may pagdiriwang sa mga tahanan, hindi lamang ang maybahay ang punong abala. Dumarating ang mga kamag-anak para tumulong sa paghahanda. Paminsan-minsan, hindi lamang pisikal na lakas ang ambag nila sa mga pagdiriwang, may ilan na nag-aabot ng dagdag na pangastos sa handaan.

Nakapaloob din sa sikolohiyang Pilipino ang pakiramdam. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng damdam o sariling kaisipan sa damdamin ng iba, bilang pangunahing kasangkapan sa pakikitungo sa kapuwa tao. Nariyan din ang kagandahang-loob bilang pakikipag-ugnayang sosyal. Tumutukoy ito sa kakayahang tumulong sa kapuwa tao sa panahon ng kanilang pangangailangan dahil sa ating pagkakaunawa na ang pagiging magkasama ay bahagi na ng isang pagiging Pilipino.

Ngunit ang kultura ay dinamiko rin, buhay na penomenong isinasabuhay araw-araw ng mga tunay na tao, magkakasama man o nag-iisa, habang dinaranas ang pinagsasaluhan nilang paraan ng pamumuhay at habang lumilikha ng kanilang kasaysayan. Ang kultura ay isang patuloy na nagbabagong paraan ng pamumuhay ng isang grupo ng tao o pamayanan, binubuo ng pinagsasaluhang mga praktika o gawaing nakaugnay sa pinagsasaluhang mga produkto, batay sa pinagsasaluhang mga pananaw sa mundo, at nakalugar sa tiyak na mga panlipunang konteksto [5].

Disyembre 2019 nang malaman ang kaso ng *viral pneumonia* sa Wuhan, People's Republic of China. Kalaunan ay nagkaroon ng *outbreak* mula sa novel coronavirus [6]. Enero 2020 nang imbestigahan ang kauna-unahang kaso ng CoVid-19 sa mag-asawang Tsino na nagbabakasyon lamang sa bansa [7]. Pagkatapos ng dalawang buwan, lumutang ang kaunahang-unahang lokal na transmisyong *virus* sa Pilipinas. Dahil sa Code Red na estado, inirekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas ang pagdedeklara ng *Public Health Emergency* upang mapadali ang mobilisasyon ng resorses at proseso, maging ang *logistic* at pagkuha ng mga suplay na kinakailangan sa pagtugon sa sitwasyong pangkalusugan [8].

Kasunod nito ang pagdedeklara ng *community quarantine* sa Metro Manila mula Marso 15 – Abril 14, 2020. Nakapaloob sa kautusang ito ang suspensiyon ng klase sa lahat ng antas, pagbabawal sa pagtitipon ng maraming tao, pagpapatupad ng *flexible work arrangement* sa mga tanggapan ng pamahalaan at iba pa [9]. Sinundan ang deklarasyong ito ng *enhanced*

community quarantine sa buong Luzon mula Marso 17 – Abril 13, 2020 [10]. Lumawig pa ng ilang buwan ang *quarantine* hanggang sa naglabas ang pamahalaan ng iba't ibang estado ng *quarantine* batay sa lagay ng CoVid-19 sa bawat lugar o rehiyon. Kabilang dito ang *modified enhanced community quarantine, general community quarantine* at *modified general community quarantine* [11]. Kasabay ng pagbabago ng estado ng *quarantine* sa lugar ang unti-uting paggalaw ng mga tao at ng ekonomiya. Sa kabila ng mga estado ng *quarantine* na idinedeklara ng pambansang pamahalaan, naglunsad ang bawat lokal na pamalahaan ng iba pang estado ng *quarantine* batay sa kalagayan ng CoVid-19 sa isang partikular na lugar. Ipinag-utos ni Mayor Isko Moreno ang apatnapu't walong oras na *hard lockdown* sa distrito ng Sampaloc noong Abril 21, 2020 [12]. Dalawampung lugar naman sa limang barangay sa Lungsod Quezon ang sumailalim sa dalawang lingggong *special concern lockdown* mula Mayo 13 hanggang Mayo 26, 2020 dahil sa mataas na bilang ng nagkaroon ng CoVid-19 [13]. Limang barangay din sa BF Homes sa Lungsod Parañaque ang isinailalim sa *calibrated lock down* noong Hulyo 3-5, 2020 ayon sa kautusan ni Mayor Edwin Olivarez [14].

Ang *quarantine* ay naglunsad ng pagbabago sa nakagawian ng mga Pilipino. Sa isang iglap, tila nakulong ang marami sa kani-kanilang tahanan. Sa unti-unting paggalaw ng tao at ng ekonomiya, nahaharap ang sambayanan sa bagong kadawyan.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang CoVid-19 na maituturing na isang penomenon ay nagpatigil sa galaw ng mga tao at ng mundo. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang epekto nito sa gawi, pamumuhay, at paniniwala ng mga Pilipino.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng deskriptibong disenyo. Ang deskriptibong disenyo ay nagbibigay ng larawan ng isang sitwasyon sa natural na paraan [15]. Ginamit ito upang malaman ang danas ng mga Pilipino sa panahon ng *quarantine*. Upang makakalap ng sapat na datos, inihanda ang deskriptibong sarbey na pinabalideyt sa tatlong eskperto mula sa akademiya. Laman ng sarbey ang mga tanong kaugnay ng iba't ibang karanasan sa panahon ng *quarantine*. Maaari din silang pumili ng higit sa isang sagot mula sa mga talang ibinigay at / o magbigay ng iba pang sagot. Dagdag pa sa balidasyon ang pagpapasagot ng sarbey sa ibang pangkat bago ito ipinamahagi bilang e-sarbey. Ito ay ipinamahagi sa pamamagitan ng *google form* at

ipinadala sa sari-sariling *messenger*. Ang pagsagot sa sarbey ay nangangahulugang pagsang-ayon na maging bahagi ng pananaliksik.

RESULTA AT PAGTALAKAY

ANG M

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtalakay at pagsusuri sa naging resulta ng e-sarbey.

Talahanayan 1. Kalahok sa Pag-aaral

Edad	Bilang	Porsiyento
15 - 20	23	21.5%
21 - 30	42	39.3%
31 - 40	18	16.8%
41 - 50	17	15.9%
51 - 60	7	6.5%
61 - pataas	0	
Kabuoan	107	100%

Isang daan at pito ang sumagot ng e-sarbey. Karamihan sa mga sumagot ay nasa edad 21-30 (39.3%) na sinundan ng mga nasa edad 15-20 (21.5%). Ang bilang na ito ay kumakatawan sa mga nag-aaral at nasa *workforce* na. Pangatlo sa bilang ang mga nasa edad na 31-40 (16.8%) na bahagi rin ng *workforce*. Ang 15.9% naman ay nasa edad 41-50 at ang 6.5% ay 51-60 ang edad.

Talahanayan 2. Lokasyon ng mga Kalahok

Rehiyon	Bilang	Porsiyento
National Capital Region	56	52.3%
Cordillera Administrative Region		
Rehiyon I	1	0.9%
Rehiyon II		
Rehiyon III	10	9.3%
Rehiyon IV-A	28	26.2%
Rehiyon IV-B		
Rehiyon V	2	1.9%
Rehiyon VI	2	1.9%
Rehiyon VII	1	0.9%
Rehiyon VIII		
Rehiyon IX		
Rehiyon X		
Rehiyon XI	6	5.6%
Rehiyon XII		
Rehiyon XIII	1	0.9%
Autonomous Region for Muslim Mindanao		
Kabuoan	107	100%

Karamihan sa mga sumagot ng sarbey ay mula sa NCR na 52.3%. Pumapangalawa ang Region IV-A na may 26.2%. Samantalang ang 21.5% ay nagmula sa Rehiyon I, III hanggang XI. Mahalaga na nagkaroon ng

representasyon ang iba't ibang lugar para makita kung pare-pareho o iba-iba ang danas ng mga Pilipino kaugnay ng pandemiya.

Talahanayan 3. Pagbabago sa Panahon ng Pandemiya

May Pagbabago	Bilang	Porsiyento
Mayroon	95	88.8%
Medyo	11	10.3%
Wala	1	0.9%
Kabuoan	107	100%

Malaking porsiyento ng mga kalahok sa pag-aaral ay naniniwalang may mga pagbabago sa kanilang pamumuhay sa panahon ng pandemiya samantalang may isang kalahok na nagsabing walang nagbago sa kaniyang pamumuhay.

Talahanayan 4. Aspeto ng Pagbabago

Aspeto	Bilang	Porsiyento
Trabaho	81	75.7%
Pang-araw-araw na Gawain	102	95.3%
Pagsasabuhay ng Pananampalataya	59	55.1%
Pananamit	45	42.1%
Transportasyon	2	1.9%
Pag-aaral	2	1.9%
Pakikisalamuha sa ibang tao	2	1.9%
Pagkain	2	1.9%

Dahil sa pandemiya, iba't ibang aspeto ng pamumuhay ang nagbago. Ayon sa mga kalahok, nagbago ang kanilang pang-araw-araw na gawain (95.3%), trabaho (75.7%), pananampalataya (55.1%) at maging pananamit (42.1%). Marami pang aspeto ang nagbago para sa iba tulad ng pagkain, transportasyon, pag-aaral, at pakikisalamuha sa ibang tao.

Talahanayan 5. Trabaho

Pagbabago	Bilang	Porsiyento
Work from home	59	55.1%
Skeletal force	16	15%
Zoom meeting	66	61.7%
Palit-trabaho	10	9.3%
Nagdagdag ng <i>sideline</i>	33	30.8%
Hindi makapag-aplay	2	1.9%
Walang trabaho	14	12.8%
Nawalan ng trabaho	2	1.9%

Isa sa may malaking pagbabago ang trabaho. Isa sa aspetong nabago ang pamamaraan o *mode* ng trabaho. Marami sa kanila ang nag-work from home (55.1%). Bagaman bago pa magkaroon ng pandemiya ay isinusulong na ang *work from home*, naging kautusan

ito sa panahon ng pandemiya. Ang 61.7% ang dumadalo ng *zoom meeting*. Ang 15% ay kabilang sa *skeletal force*. Mayroon namang nagdagdag ng *sideline* (30.8%) upang matugunan ang mga pangangailangan at nagpalit ng trabaho (9.3 %). May mga hindi makapag-aplay ng bagong trabaho dahil sa bawal ang lumabas at marami sa mga tanggapan ay sarado (1.9%). Ang 12.8% ay sadyang walang trabaho at / o mga nag-aaral pa lamang. Ang 1.9 % ay nawalan ng trabaho sa panahon ng pandemiya.

Talahanayan 6. Pagsasabuhay ng Pananampalataya

Pagbabago	Bilang	Porsiyento
Pagdalo ng online worship service	30	28%
Pagdalo ng online mass	65	60.7%
Pagbuo ng prayer community	13	13.12%
Nagsagawa ng dungaw	6	5.6%
Walang nagbago	11	9.9%

Nagkaroon din ng pagbabago sa pagsasabuhay ng pananampalataya ang marami sa mga kalahok. Dahil hindi maaari ang malakihang pagtitipon sa mga simbahan, ang 60.7% ay dumalo na lamang ng online mass, 28% ang dumalo sa online worship, at 13.12% ang bumuo pa ng prayer community. May 5.6% na nagsagawa ng dungaw. Ang 9.9% naman ay nagsabing walang nagbago sa kanilang pananampalataya.

Talahanayan 7. Naging Libangan

Libangan	Bilang	Porsiyento
Pag-browse ng Facebook	80	74.8%
Pagdalo ng mga webinar	64	59.8%
Panonood ng Netflix	51	47.7%
Pagluluto at / o pagbe-bake	58	54.2%
Paghahalaman	25	23.4%
Online shopping	51	47.7%
Nag-tiktok	13	12.1%
Zumba sa bahay	12	11.2%
Pakikipagbarter	7	6.5%
Pagbabasa	4	3.7%
Pagsulat	1	0.9%
Paglalaro ng online games	1	0.9%
Pag-aaral ng ibang wika	1	0.9%
Pag-aalaga ng aso	1	0.9%

Karamihan sa mga Pilipino ay nasa sari-sariling tahanan lamang kaya naghanap sila ng pagkakaabalahan sa mahaba-habang pananatili sa bahay. Karamihan ay lalong nahilig sa pag-browse ng Facebook (74.8%). Mayroon din namang dumalo ng mga webinar (59.8%) at nanood ng Netflix (47.7%).

Nahilig din ang marami sa pagluluto at / o pagbe-bake (54.2%). Nag-online selling naman ang iba (31.8%) para may dagdag na kita at 47.7% ang nahilig sa *online shopping*. Nawili sa Tiktok ang iba (12.1%) at Zumba sa bahay (11.2%). May 6.5% na nakipagbarter. May 3.7% na nahilig sa pagbabasa. May paisa-isa na nahilig na magsulat, maglaro ng online games, mag-alaga ng aso at matuto ng ibang wika.

Talahanayan 8. Pangangalaga sa Kalusugan

Paraan	Bilang	Porsiyento
Pagsusuot ng face mask	106	99.1%
Pagsusuot ng face shield	51	47.7%
Pag-aalkohol	105	98.1%
Paghuhugas ng kamay	106	99.1%
Social distancing	103	96.3%
Hindi paglabas ng bahay	73	68.2%
Kumakain ng masusustansiyang pagkain	93	86.9%
Pag-inom ng bitamina	84	78.1%
Pag-eehersisyo	2	1.9%
Pagsusuob	1	0.9%

Ang CoVid-19 ay banta sa kalusugan ng tao kaya may iba't ibang isinasagawang hakbang upang makaiwas dito. Nangunguna ang pagsusuot ng face mask na may 99.1% samantalang 47.7% ang gumagamit ng face shield bagaman nang isinagawa ang pag-aaral ay hindi pa mandato ang pagsusuot nito. Isa rin sa madalas na gawin ang palaging paghuhugas ng kamay (99.1%) at ang pag-aalkohol (98.1%). Isinasagawa rin ang *social distancing* (96.3%). Hindi naman lumalabas ng bahay ang iba (68.2%). Ang 86.9% ay kumakain ng masusustansiyang pagkain samantalang ang 78.1% ang umiinom ng bitamina. Nag-eehersisyo ang 1.9% samantalang 0.9% ang nagsusuob.

Talahanayan 9. Mananatili sa Bagong Kadawyan

Gawi	Bilang	Porsiyento
Pagsusuot ng face mask	106	99.1%
Pagsusuot ng face shield	80	74.8%
Quarantine / lockdown	73	68.2%
Isolation facility	74	69.2%
Swab / rapid test	84	78.5%
Online learning / classes	93	86.9%
Social distancing	1	0.9%
Work from home	2	1.9%

Para sa mga kalahok sa Talahanayan 9, may mga konspeto at gawi na mananatili pa rin sa mga

darating na araw tulad ng pagsusuot ng face mask at *face shield*, *quarantine at lockdown*, *isolation facility*, *swab at rapid test*, *online classes*, *work from home* at *social distancing*. Lahat ng ito ay bahagi na ng bagong kadawyan.

Batay sa 107 tugong nakalap mula sa e-sarbey, maraming natutuhan ang mga tao dahil sa pandemiya. Ang kanilang mga tugon ay praktikal at karaniwang may kinalaman sa espirituwal, pisikal, at politikal na aspeto.

Narito ang ilang halimbawa sagot ng mga kalahok: Talahanayan 10. Natutuhan sa Panahon ng Pandemiya

Aspeto	Aral
Espirituwal	Natutuhan ko na sa gitna ng pandemya ay huwag panghinaan ng loob. Dahil sa bawat araw ay may pag-asa. Patuloy lang na manalig sa Panginoon. Magiging matatag sa hamon ng buhay at magbalik loob sa Panginoon.
Pisikal / Pangkalusugan	Magpahalaga sa hygiene. <i>Prevention is better than cure.</i> Palaging mag-ingat, maging malinis sa katawan at paligid
Sosyal	Kailangan magkaroon tayo ng 'empathy' sapagkat ang sitwasyon ngayon ay di na lamang tungkol sa pagprotektang sa ating mga sarili laban sa virus. Kaalinsabay na nito ang pagsaalang alang sa ibang tao upang sila ay maprotektahan din mula sa COVID.
Poltikal	Kahit may pandemya nang nagaganap, hindi pa rin magawa ng pamahalaan ang mga dapat isagawa agad at paligoy-ligoy pa rin ang mga ipinapatupad. Hindi matatapos ang krisis na ito hangga't walang konkretong plano ang gobyerno.

Batay sa mga nakalap na datos, kapansin-pansin ang pihit-kultura. Makikita ito sa tatlong konsepto: ang produkto, praktika at pananaw. Ipinapahiwatig nito na may kasaysayan ang mga produkto, praktika, at pananaw ng kulturang ito. Ang mga taong humuhubog ng kultura ay nasa tuloy-tuloy na proseso ng aktibong paglikha at pagbabago ng mga produkto, praktika, at pananaw [16].

Produkto. Lahat ng bagay na nilikha ng mga miyembro ng kultura [16]. Saklaw nito ang mga

nahahawakang bagay tulad ng kagamitan - alkohol, *face mask* at *face shield*, modyul, gusali hanggang sa mas komplikado ngunit dinaranas pa ring mga likha tulad ng *online shopping*, *work from home* at *online classes*. Bagaman may *alkohol*, *face mask* at *face shield* na bago ang pandemiya, mas lumaki ang pangangailangan nito. Umabot pa sa punto na nagkakaubusan sa merkado at doble ang itinaas ng presyo nito. Nariyan na rin ang *online shopping*, *work from home* at *online classes* ngunit sa panahon ng pandemiya, walang pagpipilian kundi gawin ang mga ito. Napilitan ang marami na kumapit sa konsepto ng pamimili *online* kaya napilitang mag-down load at gumamit ng iba't ibang *apps*. May mga nag-work from home kahit hindi handa at lalong malaki ang naging impak sa sistema ng edukasyon na mula *face to face* ay nagkaroon ng *online classes*, at sa mga walang kapasidad sa *gadgets* at *connectivity* ay pumiling gumamit ng modyul. Ang mga pagpupulong, pagsasanay at iba't ibang komperensiya ay isinagawa rin *online*.

Praktikal. Mga ginagawa ng mga miyembro ng kultura nang mag-isa man o magkakasama. Ito mga gawaing iniuugnay sa mga grupong panlipunan, at paggamit ng mga produkto [16]. Nakapaloob dito ang madalas na paghuhugas ng kamay at pag-aalkohol, pagpapa-swab o rapid test bago makapagbiyahe o makabalik sa trabaho, paggamit ng modyul sa pagtuturo at pagkakatuto at iba pa.

Pananaw. Mga persepsiyon o pagtingin (kung ano ang nabubuong idea batay sa obserbasyon), paniniwala (kung ano ang ipinapalagay na tama at mali), pagpapahalaga (kung ano ang ipinapalagay na mabuti at masama), at saloobin na nagiging batayan ng paglikha ng mga produkto at gumagabay sa mga tao at pamayanan sa paglikha at pagdanas nila ng kultura. Ang mga pananaw na ito ay maaaring hayag o nakatago [16]. Nakapaloob dito ang pagbili *online* sa halip na pumunta sa mga pamilihan, mag-zumba na lamang sa bahay sa halip na dumalo sa regular na zumba sa parke, dumalo ng *online mass* o *online worship* sa halip na pumunta sa lugar-dalangingan, panatiliin ang distansiya sa ibang tao kaysa sa nakasanayang lapit-lapit o pakikipagsiksikan lalo na sa transportasyon. Ilan lamang iyan sa mga pihit-kultura na naganap sa panahon ng pandemiya at magiging bahagi na ng bagong kadawyan.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabuuan, ang iba't ibang danas sa panahon ng pandemiya ay naglunsad ng pagpihit sa kulturang

Pilipino. Ang panahong ito ay nagdulot ng pagbabago at / o pagpapaigting sa produkto, praktika, at pananaw sa pang-araw-araw na pamumuhay. Nagdulot din ito ng pagbabago sa kanilang espirituwal, pisikal, sosyal, at politikal na paniniwala. Maraming naniniwala na ang pagbabagong dulot ng pandemiya ay tuwirang magiging bahagi ng bagong kadawyan o bagong normal tulad ng pagsusuot ng *face mask* at / o *face shield*, *social distancing*, *online*, *isolation facility*, at *swab test / rapid test*.

Kaugnay nito, iminumungkahi na magsagawa ng katulad na pag-aaral sa panahon naman ng pagluluwag sa estado ng *quarantine*. Magbalangkas ng mga aralin at gawain sa pagtuturo ng kultura sa bagong kadawyan at pagpapaigting ng pagtuturo tungkol sa kalusugan at wastong pangangalaga sa katawan. Iminumungkahi rin ang pagsasalin ng mga impormasyon kaugnay sa pangangalaga sa kalusugan sa unang wika. Bumuo rin ng mga programa na makatutugon sa pangangailangang espirituwal, pisikal at sosyal sa bagong kadawyan.

SANGGUNIAN

- [1] Hornedo, H. H. (2004). *Literatura, guro, bansa: Mga kuwadrang konseptwal para sa pagtuturo ng literatura at ilang panayam tungkol sa kalinangan at wika*. Manila, Philippines: University of Santo Tomas Publishing House.
- [2] Little, W. & McGivern R. (2012). *Introduction to sociology*, 1st Canadian Edition. URL: <https://opentextbc.ca/introductiontosociology>, Setyembre 1, 2020.
- [3] *Material culture*. Mula sa <https://www.britannica.com/topic/material-culture>, Setyembre 1, 2020.
- [4] Enriquez, V. G. (2008). *From colonial to liberation psychology: the Philippine experience*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press.
- [5] Zafra, G.S. (2016). *Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (konteksto ng K-12)*, Mula sa Katipunan (Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino), 1. URL: <https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/article/view/KA2016.00102/2173>, Setyembre 1, 2020.
- [6] Timeline: WHO's COVID-19 response URL: https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019/interactive-timeline?gclid=EAIaIQobChMIqOek9umD7gIVQU5gCh19VwF8EAAYAiAAEgIlufD_BwE#!, Setyembre 1, 2020.
- [7] Edrada, E.M., Lopez, E.B., Villarama, J.B., Salva Villarama, E.P., Dagoc, B.F., Smith, C. Sayo. A.R.,...Solante, R.M. *First COVID-19 infections in the Philippines: a case report* URL: <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7154063/> 20; 48: 21. Setyembre 1, 2020.
- [8] Cordero, T. *DOH recommends declaration of public health emergency after COVID-19 local transmission* URL: <https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/728715/doh-recommends-declaration-of-public-health-emergency-after-covid-19-local-transmission/story/> , Setyembre 1, 2020.
- [9] Covid-19 public advisory no. 7: on the announcement of community quarantine in Metro Manila due to the covid-19 outbreak URL: <https://www.philembassy.no/newsroom/covid-19-public-advisory-no-7-on-the-announcement-of-community-quarantine-in-metro-manila>, Setyembre 1, 2020.
- [10] Philippines: enhanced community quarantine URL: <https://globalcompliancenews.com/enhanced-community-quarantine-ph-covid19-25032020/>, Setyembre 1, 2020.
- [11] Maingat, T.A. know the difference: ECQ, MECQ, GCQ, MGCQ, sectors allowed to operate, and other implemented measures URL: <https://carpolaw.com/know-the-difference-ecq-mecq-gcq-mgcq/>, Setyembre 1, 2020.
- [12] Talabong, R. *Isko Moreno orders 48-hour 'hard lockdown' on Sampaloc district* URL: <https://www.rappler.com/nation/sampaloc-manila-total-lockdown-april-2020>, Setyembre 1, 2020.
- [13] Hallare, K. *20 areas in five QC barangays under two-week 'special concern lockdown'* URL: <https://newsinfo.inquirer.net/1273954/qc-govt-places-20-areas-in-five-barangays-under-two-week-special-concern-lockdown>, Setyembre 1, 2020.
- [14] *Five areas in Parañaque under 'calibrated' lockdown starting July 3* URL: <https://www.cnn.ph/news/2020/7/2/Five-areas-in-Para-que-under--calibrated--lockdown-starting-July-3.html>, Setyembre 1, 2020.
- [15] Schmidt, N.A. & Brown J.M. (Eds) (2012). *Evidence-based practice for nurses: appraisal and application research*, 2nd Ed. Canada : Jones & Bartlett Learning.
- [16] Zafra, G.S. (2016). *Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (konteksto ng K-12)*, Mula sa Katipunan (Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino), 1. URL: <https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/article/view/KA2016.00102/2173>, Setyembre 1, 2020.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).